


ACTIVITY

- A. Gumuhit ng linya upang mapagdugtong ang bawat dots. Sundin ang pagkakasunod-sunod ng bilang. Kulayan ang lalabas na instrumento.



Anong musical instrument ang tinutugtog ni David sa tuwing nalulungkot at mabigat ang kalooban ni Haring Saul?

B. Sagutin ang mga tanong.

1. Bakit nakakaramdam ng matinding inggit si Haring Saul kay David?

2. Paano tinutugon ni David ang mga pagtatangka sa kanyang buhay ni Haring Saul?

3. Ano ang dahilan at hindi naghihiganti si David sa hari?

4. Paano iniligtas ni David ang buhay ni Haring Saul?

5. Base sa kwento, ano ang maaaring maging epekto ng matinding inggit sa isang tao?

Maraming pagkakataon na pinagtangkaan ni Haring Saul ang buhay ni David. Nagkaroon ng pagkakataon si David na gantihan si Saul ngunit piniling magpakita ng awa at pinatawad niya ito. Bukod dito, ang kababaang-loob ni David ay kitang-kita sa pakikipag-ugnayan niya kay Saul. Sa kabila ng pagkapili ng Diyos sa kanya upang maging susunod na hari at magkaroon ng maraming pagkakataon na igiit ang kanyang kapangyarihan, nanatiling mapagpakumbaba si David. Ipinakikita nito ang kapangyarihan ng pagpapatawad at ang kahalagahan ng pagpapakita ng awa, maging sa mga nagkasala sa atin.



C. Basahin ang maikling kwento at sagutin ang mga tanong.

Sa masiglang bayan ng Maplewood, may isang 12-taong-gulang na batang nagngangalang Albert. Matalino at maraming talento si Albert, ngunit mayroon siyang isang problema: naiinggit siya ng labis sa kanyang kaklase na si Sam.

Si Sam ay gustong-gusto ng lahat. Palakaibigan siya, laging handang tumulong sa iba, at magaling sa eskwela. Si Albert, na dating pinakasikat na estudyante ay nahihirapang tanggapin na mas pinapansin at pinupuri na ngayon si Sam. Ang inggit ay nagsimula bilang isang maliit na tinik sa puso ni Albert, ngunit agad itong lumaki at nagbunga ng masamang pagiisip.

Nagsimula si Albert na gumawa ng mga bagay na hindi niya karaniwang ginagawa. Nagpakalat siya ng mga tsismis tungkol kay Sam, umaasang masira ang mabuting pangalan nito. Sinubukan din niyang sirain ang mga gamit ni Sam sa eskwela sa pamamagitan ng pagtatago ng kanyang mga libro at pagkakalat sa kanyang mesa. Isang araw, pinunit niya ang poster na ginawa ni Sam para sa isang proyekto sa klase.

Sa kabila ng lahat ng ito, nanatiling mabait si Sam kay Albert. Patuloy siyang binabati ng may ngiti tuwing umaga at hindi kailanman gumanti. Ang kabaitan ni Sam ay lalong nagpagalit kay Albert, at hindi niya maintindihan kung bakit patuloy na mabait si Sam kahit na masama ang trato niya dito.

Isang hapon, pagkatapos ng klase, mag-isang nakaupo si Albert sa isang bangko, halong galit at pagkakonsensya ang kanyang nararamdaman. Nilapitan siya ni Sam at umupo sa tabi niya. Inaasahan ni Albert na sisigawan siya ni Sam at hihingin na mag-apologize siya, ngunit sa halip, simpleng sinabi ni Sam, "Hi Albert, napansin kong parang may problema ka nitong mga nakaraang araw. Ayos ka lang ba?"

Nagulat si Albert sa pag-aalala ni Sam. Napayuko siya, hindi makatingin kay Sam sa mata. "Bakit ka nagmamalasakit?" pabulong na sabi ni Albert.

"Dahil magka-klase tayo, at itinuturing kitang kaibigan," mahinahon na sagot ni Sam. "Hindi ko alam kung anong bumabagabag sa iyo, pero kung gusto mo ng makakausap ay narito lang ako."

Naramdaman ni Albert na parang may nakabara sa kanyang lalamunan. Lubos siyang kinain ng inggit na hindi niya napansin kung paano ito nakaapekto sa kanya. Ang pagpapatawad at kabaitan ni Sam ay tumagos sa kanyang puso.

"Pasensya na, Sam," sabi ni Albert, nanginginig ang boses. "Nakaramdam ako ng galit sa iyo dahil sa matinding inggit ko sa'yo. Hindi ako karapat-dapat sa iyong pagkakaibigan."

Ngumiting sumagot si Sam, "Lahat tayo nagkakamali, Albert. Ang mahalaga ay ang pagtanggap ng pagkakamali at pagwawasto sa mga ito. Pinapatawad kita. Paano, magsimula tayo ulit?"

Mula sa araw na iyon, nagbago ang relasyon nina Albert at Sam. Pinaghirapan ni Albert na malabanan ang kanyang inggit, at sa tulong ni Sam, natutunan niyang pahalagahan ang

kanyang sariling lakas at tagumpay nang hindi ikinukumpara ang sarili sa iba. Naging mabuting magkaibigan sila, nagtutulungan sa mga proyekto sa eskwela at naglalaro pagkatapos ng klase.

Mga tanong.

1. Ano ang maling ginawa ni Albert?

2. Ano ang tamang ginawa ni Albert?

3. Ano ang tamang ginawa ni Sam?

4. Paano mo maaaring labanan ang pagka-inggit sa ibang tao?

Natutunan ni Albert na ang inggit ay nagdudulot ng kalungkutan at masamang pag-iisip na nagbubunga ng masamang pag-uugali. Sa huli ay natutunan niya na ang tunay na kasiyahan ay matutong tanggapin ang kanyang kahinaan at huwag ikumpara ang sarili sa iba. Ang kanilang kuwento ay dapat na maging paalala sa ating mga bata na hindi dapat hayaan na pangunahan tayo ng inggit. Sa kabilang banda, kung may iba na gumagawa ng masama sa atin, dapat na magpatawad at magpakita tayo ng malasakit sa kanila dahil ito ay makakatulong na maghilom ng pinakamatinding hidwaan sa relasyon.



D. Memory Verse

Ang payapang isipan ay nagpapalusog ng katawan, ngunit ang pagkainggit ay tulad ng kanser sa buto. **Mga Kawikaan 14:30**